



IKAW BA AY BUNTIS O NAGPAPASUSO?

ALAMIN ANG IYONG KARAPATAN *Sa Lugar ng Trabaho*



Division of
Human
Rights

Department
of Labor

Workers'
Compensation
Board

Ang diskriminasyon ng pagbubuntis sa lugar ng trabaho ay lumalabag sa pederal at batas ng Estado ng New York.

PAGTATRAHAHANG HABANG BUNTIS

Ipinagbabawal sa employer ang¹ na patalsikin ang isang empleyado dahil siya ay buntis o mabubuntis—o baguhin ang mga termino, kondisyon, at pribilehiyo ng pagtatrabaho dahil sa pagbubuntis, panganganak, o kaugnay na mga kondisyon². Ipinagbabawal din sa employer na tumanggap kumuha ng trabahador o itaguyod ang kandidato dahil siya ay buntis o maaaring magbuntis.

Noong Enero 2016, hayagang iginarantiya ng batas ng Estado ng New York na ang mga manggagawang buntis ang karapatan sa makatwirang akomodasyon para sa anumang mga kondisyong kaugnay ng pagbubuntis, kabilang ang:

- paminsan-minsang paghinto para mamahinga o uminom ng tubig,
- binagong iskedyul ng trabaho,
- leave para sa kaugnay na pangangailangang medikal,
- available na pagtatalaga sa magagaang tungkulin, at
- paglilipat malayo sa mapanganib na tungkulin.

Hindi ka pwedeng utusan ng iyong employer na mag-leave dahil ikaw ay buntis. Kapag kumuha ka ng medical leave dahil sa kondisyon may kaugnayan sa pagbubuntis o panganganak, dapat ihinto pansamantala ng iyong employer ng trabaho hangga't magagawa nila para sa mga empleyadong kumuha ng medical leave para sa ibang mga kadahilanan. Maaaring magkaroon ka ng ibang mga karapatan na magbalik sa trabaho sa ilalim ng pederal na Batas sa Pamilya at Medical Leave (federal Family and Medical Leave Act), ang batas sa Mga Benepisyo ng Kapansanan ng Estado ng New York (New York State Disability Benefits Law), at Batas sa May Bayad na Leave ng Pamilya ng Estado ng New York (New York State Paid Family Leave Law).

PAGTATRAHAHANG HABANG NAGPAPASUSO

Sa ilalim ng batas ng Estado ng New York, ipinagbabawal sa inyong employer na ituring kayong kakaiba dahil kayo ay nagpapasuso. Ang mga inang nagpapasuso ay binibigyan ng pahinga para magbomba ng gatas ng ina sa trabaho.

- Nang hanggang tatlong taon kasunod ng panganganak, mayroon kayong karapatan na kumuha ng makatarungang walang bayad na pahinga o gamitin ang may bayad na pahinga o oras ng pagkain araw-araw, upang makapaglabas ng gatas ng ina sa trabaho.
- Ang inyong employer ay dapat gumawa ng makatarungang pagsisikap para maglaan ng silid o anumang lokasyon, na malapit sa lugar ng inyong trabaho, kung saan makapaglalabas kayo ng gatas sa pribado.
- Ang inyong employer ay hindi dapat magtangi laban sa inyo batas sa inyong desisyon na maglabas ng gatas ng ina sa trabaho.

¹ Para sa layuning ito, tinukoy ng Ang Batas sa Karapatang Pantao ng New York (N.Y. Human Rights Law) ang employer na ibilang ang sinumang employer na may apat o higit pang mga tao sa kanyang trabaho

² Ang Batas sa Karapatang Pantao ay sinasakupan ang kalagayan ng pagdadalang tao o panganganak na pigilan ang katuparan ng isang normal na kalagayan ng katawan o pagtanggap ng mga pagsusuri ng laboratoryo. Kasama dito ang paggagatas at pagpapalaglag.

PAGKUHA NG MAY BAYAD NA LEAVE NG PAMILYA

Noong 2016, si Gobernador Cuomo ay lumagda ng batas sa pinakamatibay at pinakamalinaw na polisiya sa May Bayad na Leave ng Pamilya ng bansa. Ang mga pamilyang nagtatrabaho ay hindi na kailangang pumili na mag-alaga sa kanilang mga minamahal at isapanganib ang kanilang seguridad pang-ekonomiya.

Simula noong Enero 1, 2018, karamihan ng mga empleyado na nagtatrabaho sa Estado ng New York para sa mga pribadong empleyado ay karapat-dapat na kumuha ng May Bayad na Leave ng Pamilya. Kung ikaw ay empleyadong nagsisilbi sa publiko, ang inyong employer ay pwedeng pumili na mag-alok ng May Bayad na Leave ng Pamilya.

Ang May Bayad na Leave ng Pamilya ng New York ay nagbibigay ng protektadong trabaho, may bayad pa pamamahinga upang ikaw ay:

- **makasama** ng kasisilang na sanggol, inampon o pinalalaking sanggol;
- **mangalaga** sa malapit na kamag-anak na may malubhang kondisyon sa kalusugan; o
- **tulungan** ang mga minamahal kapag ang isang miyembro ng pamilya ay ipinadala sa ibang bansa sa aktibong serbisyong militar.

Makapagpapatuloy ka sa inyong health insurance habang naka-leave at iginagarantiya ang pareho o mailhahambing na trabaho matapos ang iyong leave. Kapag nag-ambag ka sa iyong health insurance, dapat kang magpatuloy na magbayad ng bahagi ng premium na halaga habang nasa May Bayad na Leave ng Pamilya.

Hindi kayo itatangi ng inyong employer o gaganti laban sa inyo sa paghiling o magkuha ng May Bayad na Leave ng Pamilya o pagbubuntis at kaugnay sa panganganak na pansamantalang kapansanan.

Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang
ny.gov/pregnancyrights o i-text ang **“PREGNANT”** sa **81336**.

Kung naniniwala ka na itinangi kayo dahil sa inyong pagbubuntis, o hindi tinanggap ang makatarungan akomodasyon para sa medikal na kondisyon kaugnay sa pagbubuntis o panganganak, maaari kayong magsampa ng reklamo sa
New York State Division of Human Rights:
bisitahin ang: **dhr.ny.gov** o tumawag sa **1-888-392-3644**